PANGALAN NG TANGGAPAN NG EDD
P.O. BOX
LUNGSOD CA ZIP CODE

Employment Development Department
State of California

A B I S O S A P A G P A P A S Y A / P A G H A T O L

PETSA KUNG KAILAN IPINADALA 00 / 00 / 00
TAONG NAGSIMULA ANG BENEPISYO 00 / 00 / 00

MGA NUMERO NG TELEPONO NG EDD:

INGLES	1-800-300-5616
SPANISH	1-800-326-8937
CANTONESE	1-800-547-3506
MANDARIN	1-866-303-0706
VIETNAMESE	1-800-547-2058
TTY	1-800-815-9387

PANGALAN NG CLAIMANT
ADDRESS NG CLAIMANT
LUNGSOD CA ZIP CODE

SSA NUMBER 000-00-0000

HINDI KA KWALIPIKADONG MAKATANGGAP NG MGA BENEPISYO SA ILALIM NG CODE SA INSURANCE SA WALANG TRABAHO SA CALIFORNIA (CALIFORNIA UNEMPLOYMENT INSURANCE CODE) SEKSYON 1256 SIMULA NOONG 00 / 00 / 00 AT HANGGANG SA MAGBALIK KA SA IYONG TRABAHO PAGKATAPOS NG KILOS NA NAKAPAG-ALIS NG KWALIPIKASYON AT KUMITA NG $0.00 O HIGIT PA SA TUNAY NA PAGTATRABAHO, AT MAKIKIPAG-UGNAYAN KA SA TANGGAPAN SA ITAAS UPANG MULING BUKSAN ANG IYONG CLAIM.

UMALIS KA SA NAKARAAN MONG TRABAHO KAY (PANGALAN NG EMPLOYER). HINDI MO NAIPAKITA NA ANG PAG-ALIS AY KINAKAILANGAN O NAGAMIT MO NA ANG LAHAT NG MAKATUWIRANG OPSYON BAGO UMALIS. PAGKATAPOS ISAALANG-ALANG ANG AVAILABLE NA IMPORMASYON, NAPAG-ALAMAN NG DEPARTAMENTO NA HINDI KA NAKAKATUGON SA MGA LEGAL NA KINAKAILANGAN PARA SA PAGBABAYAD SA MGA BENEPISYO. ISINASAAD SA SEKSYON 1256 – HINDI KWALIPIKADO ANG ISANG INDIBIDWAL KUNG MALAMAN NG DEPARTAMENTO NA KUSANG-LOOB NIYANG INIWAN ANG PINAKAKAMAKAILAN NIYANG TRABAHO NANG WALANG MAGANDANG DAHILAN O NAPATALSIK DAHIL SA MALING ASAL MULA SA PINAKAKAMAKAILAN NIYANG TRABAHO. ISINASAAD SA SEKSYON 1260A – ANG ISANG INDIBIDWAL NA HINDI KWALIPIKADO SA ILALIM NG SEKSYON 1256 AY HINDI MAGIGING KWALIPIKADO HANGGANG SA, KASUNOD NG KILOS NA NAKAPAG-ALIS NG KWALIPIKASYON, GAGAMPANAN NIYA ANG MGA PAGLILINGKOD SA TUNAY NA PAGTATRABAHO KUNG SAAN KUMIKITA SIYA NA KATUMBAS NG O SOBRA NANG LIMANG BESES NG HALAGA NG KANYANG LINGGUHANG BENEPISYO.

APELA:

MAY KARAPATAN KANG MAGHAIN NG APELA KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA LAHAT O SA BAHAGI NG PASYANG ITO.

UPANG MAG-APELA, KAILANGAN MONG GAWIN ANG LAHAT NG SUMUSUNOD:

A. KUMPLETUHIN ANG KALAKIP NA FORM SA PAG-APELA (DE 1000M) O SUMULAT NG LIHAM NA NAGSASAAD NA GUSTO MONG IAPEILA ANG PASYANG ITO. KUNG SUSULAT KA NG LIHAM UPANG MAG-APEILA, IPALIWANAG ANG DAHILAN KUNG BAKIT HINDI KA SUMASANG-AYON SA PASYA NG DEPARTAMENTO. ISULAT ANG IYONG SOCIAL SECURITY NUMBER SA BAWAT DOKUMENTONG ISUSUMITE MO SA DEPARTAMENTO.
(PAMAGAT 22, CODE NG MGA REGULASYON SA CALIFORNIA (CALIFORNIA CODE OF REGULATIONS, CCR), SEKSYON 5008).

B. IPADALA SA KOREO ANG DE 1000M O ANG IYONG LIHAM SA ADDRESS NG TANGGAPAN NA NAKALISTA SA UNANG PAHINA NG PASYANG ITO.

C. IHAIN ANG IYONG APELA SA LOOB NG TATLUMPUNG (30) ARAW NG PETSA NG PAGPAPADALA SA KOREO NG ABISO NA ITO O NANG HINDI LALAMPAS NG 00 / 00 / 00.

NAGBIBIGAY NG HIGIT PANG IMPORMASYON ANG HANDBOOK NA, “ISANG GABAY SA MGA BENEPISYO AT SERBISYO SA PAGTATRABAHO,” TUNGKOL SA MGA APELA. KUNG WALA KANG HANDBOOK, MAKIPAG-UGNAYAN SA TANGGAPANG NAKALISTA SA UNANG PAHINA NG ABISONG ITO.

SAMPLE

Employment Development Department
State of California

IMPORMASYON NG APELA:

KAPAG NATANGGAP NA ANG IYONG APELA, SUSURIIN ANG IYONG KASO. KUNG MANANATILING GANOON PA RIN ANG PASYA, IPAPADALA NAMIN ANG IYONG APELA SA TANGGAPAN NG MGA APELA. KUNG MAG-AAPELA KA PAGKALIPAS NA NG 30 ARAW, KAILANGAN MONG ISAMA ANG DAHILAN NG PAGKAANTALA. TUTUKUYIN NG HUKOM NG ADMINISTRATIBONG BATAS KUNG MAYROON KA NGA BANG MAGANDANG DAHILAN SA PAGKAANTALA. KUNG MATUKOY NG HUKOM NG ADMINISTRATIBONG BATAS NA WALA KANG MAGANDANG DAHILAN NA NAHULI KA SA PAGSUSUMITE NG IYONG APELA, IBABASURA ANG IYONG APELA.

MAGPAPADALA SA IYO ANG TANGGAPAN NG MGA APELA NG ISANG LIHAM NA MAY PETSA, LUGAR AT ORAS NG IYONG PAGDINIG AT ISANG POLYETO NA NAGPAPALIWANAG SA MGA HAKBANG SA PAGDINIG NG APELA. SA PAGDINIG, ANG HUKOM NG ADMINISTRATIBONG BATAS AY MAKIKINIG SA IYO, SUSURIIN ANG MGA TOTOONG DETALYE AT MAGPAPASYA. MAAARI KANG MAGKAROON NG KINATAWAN O IBA PANG TAO NA TUTULONG SA IYO.

KUNG MAGKE-CLAIM KA NG MGA NAGPAPATULOY NA BENEPISYO:

HABANG HINIHINTAY MO ANG PASYA NG HUKOM NG ADMINISTRATIBONG BATAS, DAPAT NA PATULOY MONG IPADALA SA KOREO ANG IYONG MGA FORM NG CLAIM SA EDD. KUNG HINDI KA MAKATANGGAP NG MGA FORM NG CLAIM MULA SA TANGGAPAN NG MGA APELA, MAKIPAG-UGNAYAN SA TANGGAPANG NAKALISTA SA UNANG PAHINA NG ABISONG ITO. KUNG MAPAGPASYAHAN NG HUKOM NG ADMINISTRATIBONG BATAS NA KWALIPIKADO KA PARA SA MGA BENEPISYO; MAKAKAPAGBAYAD LANG KAMI NG MGA BENEPISYO KUNG NATANGGAP ANG MGA FORM NG CLAIM PARA SA LINGGONG IYON.

IBA PANG MGA SERBISYO: MAKIPAG-UGNAYAN SA EDD PARA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA (1) MGA REFERRAL NG TRABAHO, (2) INSURANCE SA PAGKAKAROON NG KAPANSANAN, (3) IBA PANG MGA SERBISYO NG EDD (4) MGA SERBISYONG INAALOK NG IBA PANG MGA AHENSYA.